



## IMPEACHMENT PRIMER AT MADADALAS NA KATANUNGAN (FAQs)\*

### Madadalas na Katanungan (Frequently Asked Questions)

#### A. Mga Pangkalahatang Paksa (Overview)

##### 1. Ano ang impeachment? Ano ang pakay ng impeachment?

Ang impeachment ay ang kapangyarihan ng Kongreso ayon sa Saligang Batas o Konstitusyon na tanggalin ang isang opisyal para sa mga mabibigat na krimen at kasamaang-asal. [Corona v. Senate, G.R. No. 202242 (2012)] Isa itong proseso ng Kongreso, na siya namang binubuo ng House of Representatives at ng Senado. Bilang inihalal na kinatawan ng nakapangyayaring mamamayan (*sovereign people*), ginagamit ng Kongreso ang impeachment upang itama ang paglabag ng isang opisyal sa pagtitiwala ng bayan at desisyon kung dapat pa siyang magpatuloy sa kaniyang posisyon. [Republic v. Sereno, G.R. No. 237428 (2018)]

Ang impeachment ay katangi-tangi. Hindi ito sibil o kriminal na proseso. 'Di gaya ng tradisyonal na prosesong legal, ang impeachment ay pulitikal. Ito ay dinedesisyon ng mga kongresista at senador na binoto ng mamamayan, imbis ng mga huwes na pormal na nagsanay sa batas.

##### 2. Sinu-sinong mga opisyal ang pwede ma-impeach?

Ayon sa Article XI, Section 2 ng Konstitusyon, ang mga impeachable officer ay mga sumusunod:

1. Ang Presidente
2. Ang Bise-President
3. Ang mga Miyembro o Mahistrado ng Korte Suprema
4. Ang mga Miyembro ng mga Constitutional Commission, i.e., Civil Service Commission, Commission on Audit, at Commission on Elections
5. Ang Ombudsman

Sila lamang ang mga impeachable officer. Ang ibang mga opisyal ng gobyerno ay puwedeng tanggalin alinsunod sa batas, ngunit hindi gamit ang impeachment. [Const. art. XI, § 2]

---

\* February 25, 2025. Prepared by the University of the Philippines (U.P.) College of Law.

*Lead authors:* Asst. Prof. Paolo S. Tamase; Jan Aurel Nikolai M. Castro, J.D. 2025 (expected); Jillian Rae R. Chua, J.D. 2026 (expected); Enrique Julian Espino, J.D. 2026 (expected); Roberto Daniel Mercado, J.D. 2026 (expected). Translation to Filipino funded by the Justice George A. Malcolm Memorial Foundation. For clerical errors, please email [pstamase@up.edu.ph](mailto:pstamase@up.edu.ph).

Nagpapasalamat kami sa mga puna ng mga guro ng constitutional law ng Kolehiyo ng Batas, lalo na kina Prof. Dante B. Gatmaytan, Assoc. Prof. Gwen G. De Vera, at Atty. Victoria V. Loanzon.

Ang dokumentong ito ay inihanda upang bigyan ang media, ang publiko, at mga opisyal ng impormasyon ukol sa impeachment. Ang mga opinyon ukol sa mga makabagong isyu ay personal na akademikong pananaw ng mga manunulat. Hindi nila kinakatawan ang opinyon ng Kolehiyo ng Batas. Salin din ito ng lead authors mula sa orihinal na Ingles. Kung may pagkakaiba sa Ingles at Filipino na bersyon, maaring sumangguni sa Ingles na bersyon.

### 3. Anu-ano ang mga batayan (grounds) para sa impeachment?

Ang mga batayan o “grounds” para sa impeachment ay ang mga sumusunod:

1. Tandisang (tiyak o malinaw) na paglabag sa Konstitusyon (*culpable violation of the Constitution*)
2. Pagtataksil (*treason*)
3. Pagpapasuhol (*bribery*)
4. Korupsyon (*graft and corruption*)
5. Iba pang mabibigat na krimen (*other high crimes*)
6. Pagkakanulo (o pagtataksil) sa pagtitiwala ng bayan (*betrayal of public trust*)

Bihira lamang magka-impeachment at pulitikal ang karakter nito kaya wala tayong gabay mula sa mga korte kung ano ang eksaktong kahulugan ng mga batayang ito. Ngunit batay lamang sa teksto ng Konstitusyon, ang paglabag sa Saligang Batas ay kinakailangang *culpable* o malinaw at karapat-dapat na parusahan.

Ang pagtataksil, pagpapasuhol, at korupsyon ay pinarurusahan na ng iba’t ibang batas, gaya ng Revised Penal Code at Republic Act No. 3019 o ang Anti-Graft and Corrupt Practices Act. Sa kabila nito, puwede bigyan ng Kongreso ng sariling kahulugan ang mga batayang ito na iba pa sa mga nasabing batas.

Ang “mabibigat na krimen” (*other high crimes*) ay dapat may sapat na kabigatan na magpapakita ng paglabag ng tiwala ng publiko, kahit hindi pa ito magdulot ng pagkakasakdal sa korte. Hango ito sa pagkakaintindi sa terminong ito sa Estados Unidos, na siya ring pinagmulanan ng ground na ito. [Rec. Const. Comm’n No. 040 (July 26, 1986)] Bilang huli, nilayon ang “pagkakanulo sa pagtitiwala ng bayan” (*betrayal of public trust*) na magkaroon ng malawak na kahulugan. Sinasalamin nito ang intensyon na maging epektibong pulitikal na proseso ang impeachment, imbis na isang striktong legal na proseso. [See *id.*]

### 4. Ano ang pagkakaiba ng impeachment sa kasong kriminal?

Ang impeachment ay *sui generis* o katangi-tangi. Hindi ito striktong legal o striktong pulitikal na proseso. Ang tanging pakay nito ay tanggalin ang opisyal sa kaniyang posisyon at pagbawalan na siyang humawak ng iba pang posisyon sa gobyerno. Hindi pinagbabayad ng multa o danyos ang isang opisyal dahil lamang na-impeach siya [*In re: Letter of Mrs. Corona, A.M. No. 20-07-10-SC (2021)*]. Hindi rin nagreresulta sa pagkukulong ang hatol sa impeachment. [See Const. art. XI, § 3(7)]

’Di tulad ng prosesong kriminal, hindi kailangan ng ebidensya na mahihigitan ang anumang makatwirang pagdududa na ginawa ng akusado ang krimen (*proof beyond reasonable doubt*) para mahatulan sa impeachment. Tinanggihan ng nakaraang Senado na gumamit ng mga pang-korteng batayan (*standard of proof*), e.g., *substantial evidence* dahil hindi pakay ng impeachment na magpataw ng parusa gaya ng sa kriminal na proseso. [*In re: Letter of Mrs. Corona, supra*]

Kahit na pulitikal ang impeachment, ang hindi pagsusunod sa mga requirements sa Saligang Batas (e.g., mga kinakailangan ng boto) ay maaaring suriin at baliktarin ng mga korte.

### 5. Ano ang dalawang yugto sa proseso ng impeachment?

Ang dalawang yugto sa proseso ng impeachment ay (1) ang Pagsimula (*Initiation*), at (2) ang Paglilitis (*Trial*).

Ang House of Representatives lamang ang may kapangyarihan simulan ang mga kaso ng impeachment. [Const. art. XI, § 3(1)] Nakukumpleto ang Pagsimula ng impeachment kapag

sumang-ayon na ang 'di bababa sa 1/3 ng lahat ng miyembro ng House of Representatives sa mga Articles of Impeachment. Pagkatapos, ipapasa ng House of Representatives ang mga Articles of Impeachment sa Senado, na siya lamang may kapangyarihang maglitis at desisyon ang mga kaso ng impeachment. [Const. art. XI, § 3(6)]

## **B. Ang Pagsimula (Initiation)**

### **6. Anu-ano ang tatlong paraan upang simulan ang isang kasong impeachment?**

Maaaring simulan ang proseso ng *impeachment* sa pagpasa ng isang sinumpaang reklamo (*verified complaint*) ng alinman sa mga sumusunod:

- (a) Isang Miyembro ng *House of Representatives*;
- (b) Isang pribadong mamamayan, basta't may *endorsement* ng isang Miyembro ng House of Representatives; o
- (c) Isang sinumpaang reklamo o resolusyon ng impeachment, na may lagda ng 'di bababa sa 1/3 ng lahat ng miyembro ng *House of Representatives*. [Const. art. XI, § 3(2)]

### **7. Ilang kaso ng impeachment ang maaaring ihain laban sa isang opisyal?**

Hindi maaaring magsimula ng higit sa isang *impeachment proceeding* laban sa isang opisyal kada taon. [Const. art. XI, § 3(5)] Sa kontekstong ito, ang ibig sabihin ng "pagsimula" ay ang (a) paghain ng reklamo (*complaint*), na (b) may kaakibat na aksyon ng House of Representatives, gaya ng pagpasa sa Committee on Justice ng House of Representatives. [Francisco v. House of Representatives, G.R. No. 160261 (2003)].

Ayon sa nakagawian, maaaring maraming *complaint* ang ihain ngunit sabay-sabay silang ipapasa sa Committee on Justice. Kung ganito ang mangyayari, iisang Pagsimula (*initiation*) lamang ang mabibilang. [See Gutierrez v. House of Representatives Committee on Justice, G.R. No. 193459 (2011)]

### **8. Kinakailangang ba ng House of Representatives magsagawa ng mga pagdinig (hearing) bago simulan ang isang kasong impeachment?**

Hindi laging kinakailangang magkaroon ng pagdinig sa House of Representatives. Bago pa man umabot sa pagdinig, kailangan muna makita ng Committee on Justice na ang impeachment complaint ay sapat sa anyo at nilalaman nito (*sufficient in form and substance*). Kapag nakita ng Committee on Justice na sapat ang impeachment complaint, bibigyan nito ang respondent (ang kinasuhan ng impeachment) ng pagkakataon na masagot ang mga paratang sa kanya. Kapag nakuha na ng Committee ang sagot o tugon ng respondent, dedesisyon na nito kung mayroon ngang sapat na batayan (*grounds*) para sa impeachment. Kung oo, doon lamang magsasagawa ng hearing o pagdinig ang Committee. [Rules of Procedure in Impeachment Proceedings (hereinafter "House Rules"), rule III, 19th Cong., 1st Sess. (2022)].

Ngunit kapag sinumulan ng House of Representatives ang impeachment sa pamamagitan ng *direct resolution* ng 1/3 ng kaniyang miyembro, hindi na nito kailangang magsagawa ng hearing. Diretsong ipapasa na lamang ng House of Representatives ang Articles of Impeachment sa Senado para sa paglilitis (*trial*). [Const. art. XI, § 3(5)]

### **9. Ano ang "Articles of Impeachment?"**

Ang Articles of Impeachment ang dokumentong naglalaman ng mga batayan (*grounds*) sa pag-impeach sa isang opisyal. Ihinahanda ito ng Committee on Justice matapos ang mga pagdinig (*hearings*) nito. Kung *direct resolution* ang gamit ng mga kongresista, sabay na rin nilang ipinapanukala ang Articles of Impeachment. [House Rules, rule IV, § 14]

Nagdedesisyon naman ang Senado kung tatanggalin sa puwesto ang opisyal batay sa Articles of Impeachment.

**10. Ano ang mangyayari kapag ang opisyal ay na-impeach? Ano ang pinagkaiba nito kapag siya ay na-convict?**

Kapag ang opisyal ay pormal na *impeach*, nakahanap na ng sapat na kadahilanan ang House of Representatives upang siya ay usigin sa Senado.

Sa kabilang dako, siya naman ay na-convict kung sakaling hatulan siyang may sala (*guilty*) ng 'di bababa sa 2/3 ng lahat ng miyembro ng Senado batay sa alinman sa Articles of Impeachment. Kapag ang opisyal ay nahatulang maysala o na-convict, matatanggal siya sa puwesto. Maaari ring maghatol ang Senado ng karagdagang parusa ng *disqualification* sa anupamang puwesto sa hinaharap. [*In re*: Letter of Mrs. Corona, *supra*]

**C. Ang Paglilitis (Trial)**

**11. Ano ang nangyayari sa Paglilitis o impeachment trial?**

Sa impeachment trial, nililitis ng Senado ang na-impeach na opisyal batay sa Articles of Impeachment na inihanda ng House of Representatives.

Batay sa Rules of Procedure on Impeachment Trials [S. Res. 39, 19th Cong., 1st Sess. (2023), "Senate Rules"], kinakailangang manumpa ang mga senador ng "political neutrality." Ibig sabihin, gagawin nila ang kanilang tungkulin nang walang pagkiling (*bias*) para sa kanilang partido o kakamping pulitikal.

Pagkatapos, tatanungin ang na-impeach na opisyal kung aamin siyang "may sala" (*guilty*) o "walang sala" (*not guilty*) sa bawat batayan (*ground*) na isinasakdal sa kanya ng Articles of Impeachment. 'Di gaya ng kriminal na trial, puwedeng piliin ng opisyal na siya mismo ang sumagot o magpapadala ng kinatawan o abogado para ipahatid ang kanyang tugon sa mga sakdal. Kapag 'di nagpakita ang opisyal o tanggihan niyang sumagot sa mga sakdal, itutuloy ng Senado ang paglilitis na para bang sumagot din siya ng "walang sala" (*not guilty*). [Senate Rules, rules VII & IX]

Matapos nito, pakikinggan ng Senado ang mga argumento ng mga abogado at mga testigo ng bawat panig. 'Di tulad ng patingi-tinging pagtanong ng isang huwes sa korte, puwedeng malawak ang pagtatanong ng mga senador sa mga testigo at abogado. Hindi kinakailangan ng na-impeach na opisyal na tumestigo para sa kanyang sarili.

Pagkatapos ng trial, boboto ang Senado sa bawat batayan (*ground*) ng impeachment. Kailangan ng boto ng 2/3 ng lahat ng miyembro ng Senado sa isang sakdal para ma-convict ang opisyal. Sapat na ang ma-convict sa isang sakdal upang matanggal sa puwesto ang opisyal.

**12. Sino ang magiging counsel o abogado ng mga panig sa isang impeachment trial?**

Dahil ang House of Representatives ang nagsakdal sa opisyal, mga kongresista rin ang magbubuo ng *panel of prosecutors* na mag-uusig ng kaso laban sa kanya sa Senado. Maaring tulungan ang panel na ito ng mga pribadong abogado (*private prosecutor*), ngunit pangangasiwaan pa rin sila ng panel of prosecutors.

Ang na-impeach na opisyal ay dedepensahan ng kaniyang mga pinili na abogado. [See Senate Rules, rule XIII]

**13. Magpapatuloy lang ba ang na-impeach na opisyal sa kaniyang posisyon sa gobyerno habang ginaganap ang trial sa Senado?**

Oo. Habang hindi pa dinedesisyunan ng Senado ang impeachment complaint, magpapatuloy pa rin ang na-impeach na opisyal sa kaniyang paninilbihan. Hindi nasususpinde ang opisyal habang isinasagawa ang impeachment, 'di gaya ng ibang kasong administratibo.

**14. Gaano katagal ang isang impeachment trial?**

Walang takdang panahon ang pagsasagawa ng impeachment trial. Kung babalikan ang mga nakalipas na impeachment, umabot ang trial ng isang (1) buwan noong Estrada impeachment (2000-2001), bagaman maaga itong natapos dahil sa EDSA II. Umabot naman ng limang (5) buwan ang Corona impeachment (2012).

**15. Kailangan bang bukas sa publiko ang paglilitis na gagawin ng Senado (e.g., televised o livestreamed)?**

Oo. Habang naglilitis ang Senado ng kasong *impeachment*, ang kanilang mga pinto ay mananatiling bukas sa publiko. [Senate Rules, rule XVIII] Base sa mga nakaraang paglilitis, ipinalalabas sa telebisyon at maiging binabantayan ng media ang mga kaganapan sa Senado dahil na rin sa pagka bukod-tangi ng impeachment.

**16. Sa mismong Paglilitis (trial), kailangan bang dinggin ng Senado ang lahat ng sakdal bago bumoto kung iko-convict ang opisyal?**

Ayon sa kanilang patakaran, boboto lamang ang Senado kapag tapos nang litisin ang lahat ng sakdal sa Articles of Impeachment. [Senate Rules, rule XXI]

Pagkatapos ng buong paglilitis, pagbobotohan ng mga miyembro ng Senado ang bawat sakdal sa Articles of Impeachment. Hiwalay na pagbobotohan ang bawat sakdal. Upang ma-convict ang opisyal, kailangan lang makamit ng isang sakdal ang boto ng 2/3 ng lahat ng miyembro ng Senado na "may sala" (*guilty*). Ngunit kapag 'ni isa sa mga sakdal ay 'di maabot ang botong iyon, ang opisyal ay mapapawalang-sala (*acquitted*).

**17. Ano ang nangyayari kapag ang opisyal ay na-convict?**

Nagreresulta ang pagka-convict sa pagkatanggal ng opisyal mula sa kaniyang posisyon at ang *disqualification* niya o ang pagbabawal sa kanya mula sa anupamang puwesto sa hinaharap [Const. art. XI, § 3(7)]. Ang isang impeachment conviction ay hindi maaaring mapatawad (*pardon*) ng sinumang pangulo. [Const. art. VII, § 19]

May nakaraang debate kung ang Senado ay maaaring magpataw ng mas mababang parusa kaysa sa pagtanggap sa posisyon. Batay sa mga usapin ng Constitutional Commission (na siyang nagsulat ng Konstitusyon), walang napag-usapang parusa maliban sa pagtanggap sa posisyon at *disqualification*. [See Rec. Const. Comm'n No. 40 (July 26, 1986); No. 41 (July 28, 1986)]

Anuman ang manyari, ang na-impeach na opisyal ay maaari pa ring managot sa kasong sibil o kriminal kahit matanggal na siya sa posisyon. Ang pag-uusig (*prosecution*) pagkatapos ng impeachment ay hindi lalabag sa *double jeopardy* na pinagbabawal ng ating Saligang Batas. [*In re: Letter of Mrs. Corona, supra*]

**18. Ano ang mangyayari kung mapawalang-sala ang opisyal sa Senado?**

Ang pagpapawalang-sala (*acquittal*) sa akusado ay hindi hadlang sa mga kasong impeachment na maaring maisampa laban sa kanya sa mga sumusunod na taon. Ang tanging limitasyon sa mga bagong kasong ay ang *one-year bar rule* sa Saligang Batas, na nagbabawal sa Pagsisimula ng higit sa isang impeachment kada taon. [See Const. art. XI, § 3(5)]

**19. Ano ang mangyayari kapag ang isang opisyal ay nagbitiw (*resign*) matapos siyang ma-impeach ngunit bago siya ma-convict?**

Ang nakagawian ng Senado tuwing may nagbibitiw matapos ma-impeach ay hindi na ituloy ang paglilitis (*trial*) o itigil na ito sakaling nasimulan na. Matapos ma-impeach ng House of Representatives sina Ombudsman Merceditas Gutierrez at COMELEC Chairman Andres Bautista, hindi na tinuloy ng Senado ang kani-kanilang trial. Itinigil din ng Senado ang impeachment trial ni dating Pangulong Joseph Estrada matapos niyang mag-resign noong EDSA II.

Sa kabila nito, mayroong pananaw na maaaring ituloy ng Senado ang trial kahit na magbitiw pa ang na-impeach ng opisyal. Ang kahihinatnan ng impeachment ay 'di lamang ang pagkatanggal sa posisyon, kundi pati ang *disqualification*. Sa gayon, dapat pa kuno mabigyan ang Senado ng pagkakataon na pagpasyahan ang *disqualification* ng nasabing opisyal, kahit pa magbitiw siya sa puwesto.

**20. Kailangan ba maglabas ng nakasulat na desisyon ang Senado?**

Hindi. Bagaman inatasan ng Article VIII, Section 14 ng Konstitusyon ang mga hukuman na isulat ang mga pinagbatayang batas at ebidensya ng kanilang mga desisyon, hindi ito kinakailangang gawin ng Senado kahit pa nakaupo ito bilang isang impeachment court.

Ayon sa kasalukuyang patakaran ng Senado, boboto ang bawat senador sa bawat sakdal sa Articles of Impeachment tuwing tatawagin ng presiding officer ang kanyang pangalan. Sa puntong ito, tatayo ang senador at isasaad ang kanyang hatol (*guilty* o *not guilty*). Maaring ipaliwanag ng senador ang boto niya kung nais niya. [Senate Rules, rule XXI]

Ayon din sa nakasanayan, maaaring magsulat ang mga senador ng kani-kanilang opinyon (tulad ni dating Senate President Juan Ponce Enrile, noong Corona impeachment (2012)). Gayunpaman, hindi matatali ng naturang opinyon ang mga impeachment sa hinaharap dahil ang boto lamang ng Senado ang itinuturing na opisyal na aksyon.

**21. Maaari bang mag-apela ang opisyal na na-impeach?**

Ang paghain ng *motion for reconsideration* sa desisyon ng Senado ay ipinagbabawal ("*not in order*") ng mga patakaran nito. [Senate Rules, rule XXI]. Dahil ang impeachment ay halimbawa ng eksklusibong kapangyarihang politikal ng Senado, hindi rin maaaring i-apela o iangat sa mga korte ang mismong hatol ng Senado.

**D. Pamamagitan ng mga Korte (Judicial Intervention)****22. Maaari bang mamagitan o makialam ang Korte Suprema sa mga kasong impeachment?**

Oo. Ang Korte Suprema ay may kapangyarihan ng judicial review o ang pagtukoy kung nagkaroon ng lubhang pagsasamantala sa pagpapasiya (*grave abuse of discretion*) ang mga opisyal na kalahok sa impeachment. Tuwing mayroong lubhang pagsasamantalang ito, humahantong ito sa kawalan o kalabisan ng kapangyarihang magpasiya (*amounting to lack or*

*excess of jurisdiction*) na siya namang magpapawalang-bisa sa pagpapasiya ng nang-abuso (*nullity*). [Const. Art. VIII, § 1] Sa *Francisco v. House of Representatives, supra*, sinabi ng Korte na ang impeachment, bagaman pulitikal, ay hindi pawang pulitikal na isyu (*pure political question*). Kaya naman namagitan ang Korte Suprema sa mga nakaraang kaso ng impeachment tuwing may diumano'y paglabag sa mga patakaran na itinakda na mismo ng Konstitusyon.

### 23. Alin ang mga bagay na maaaring suriin ng Korte Suprema?

Saklaw ng judicial review ang mga isyung legal na kaakibat ng impeachment tulad ng pagsunod sa proseso ng impeachment na itinakda mismo sa Konstitusyon (e.g., *one-year bar rule*). [Francisco v. House of Representatives, *supra*] Gayunman, may pananaw na isang political question ang pagsunod ng Senado sa Senate Impeachment Rules at sa makatuwid ay walang kapangyarihan ang Korte na pakialaman ito. [See *Corona v. Senate, G.R. 200242 (2012)*]

### 24. Maaari bang baligtarin ng Korte Suprema ang desisyon ng House of Representatives na mag-impeach o ng Senado na mag-convict?

Hindi. Bagaman mayroong mga aspeto ang impeachment na maaaring suriin ng Korte, ang desisyon ng House of Representatives na mag-impeach at ang hatol ng Senado sa nasasakdal, kabilang na ang kani-kanilang pangangatwiran, ay hindi maaaring suriin, kuwestiyunin, o baguhin ng Korte Suprema.

Ayon sa Article XI ng Konstitusyon, ang kapangyarihan ng Pagsisimula ng impeachment ay eksklusibong kapangyarihan ng House of Representatives habang ang kapangyarihang lumitis at humatol ay sa Senado lamang. Dahil ang mga probisyon na ito ay malinaw na pagtatalaga ng Konstitusyon ng kapangyarihan sa House of Representatives at sa Senado, at dahil linilimitahan ng Konstitusyon kung sino ang magpapasya sa mga tanong na ito, ang desisyon upang mag-impeach at mag-convict ay nananatiling mga purong political question na Kongreso lamang ang makakatiyak. [See *Francisco v. House of Representatives, supra*]

#### E. Mga Bago at Iba Pang Katanungan (Novel and Miscellaneous Questions)

### 25. Kung ang Bise-Presidente ay ma-convict at matanggal, paano pipiliin ang kanyang kapalit?

Magmumungkahi (*nominate*) ang Pangulo ng isang Bise-Presidente mula sa mga senador at kongresista. Kung kukumpirmahin ang hinirang ng mayorya ng Kongreso, na boboto bilang magkahiwalay na kamara, siya ay magiging Bise-Presidente. [Const. Art. VII, § 9] Ang posisyon sa Senado o House of Representatives na nabakante ng bagong Bise-Presidente ay maaari namang punan sa pamamagitan ng isang special election [Const. art. VI, § 9]

### 26. Ano ang mangyayari kung hindi matatapos ang impeachment trial sa pagtatapos ng 19th Congress? Maaari bang ma-impeach ang opisyal at mahatulan ng magkaibang Kongreso, e.g., ang House of Representatives ng 19th Congress at ang Senado ng 20th Congress?

May dalawang pananaw dito sa tanong na ito. Ang unang pananaw ay maaring ipagpatuloy ng Senado ang paglilitis lagpas ng Hunyo 30, 2025 dahil ito ay isang "continuing body" alinsunod sa desisyon ng Korte Suprema. [See *Arnault v. Nazareno, G.R. L-3820 (1950)*] Ayon din sa pananaw na ito, ang kapangyarihan ng impeachment ay hindi tagapagbatas (*legislative*) at samakutiwd ay hindi nawawalan ng bisa sa pagpalit ng Kongreso. At batay sa diwa ng Konstitusyon na pinapahalagahan ang pananagutan (*accountability*), kinakailangang magkaroon ng pinal na desisyon ang Senado.

Sa kabilang dako, mayroon din namang pananaw hango sa mas sariwang desisyon ng Korte Suprema na hindi isang continuing body ang Senado. Sa gayon, lahat ng mga nakabinbin na panukala at proseso ng Senado, gaya ng mga panukalang batas at mga imbestigasyon, ay nawawalan ng saysay tuwing magtatapos ang bawat Kongreso (gaya ng 19th Congress). Kung susundin ito, mayroong kalayaan ang susunod na Kongreso (kabilang ang Senado na sisimulan ang termino sa Hulyo 2025) na ampunin o ayawan ang mga hindi natapos na panukala ng nakaraan na Kongreso. Kung aampunin ng susunod na Kongreso ang nasabing mga panukala, tatratin sila na tila bagong hain sa kanila. [See *Balag v. Senate*, G.R. No. 234608 (2018)]

**27. Maaring bang magsagawa ng Paglilitis (*trial*) ang Senado habang ito ay naka-legislative recess?**

May dalawang pananaw rin sa tanong na ito. Ayon sa isa, maaari lamang isagawa ng Senado ang Paglilitis o trial kapag ito ay nasa sesyon. Ito ay naaayon sa nakagawian noong Estrada impeachment trial (2000-2001) at Corona impeachment trial (2012), kung saan sinuspinde rin ang Paglilitis habang nasa recess ang Senado. Kung ganito nga, maaari lamang isagawa ng Senado ang impeachment trial ni Bise-Presidente Sara Duterte kapag nagpapatuloy ito ng sesyon sa Hunyo 2, 2025, maliban na lang kung magtawag ang Pangulo sa isang special session alinsunod sa Article VI, Section 15 ng Konstitusyon.

Salungat naman dito, mayroon din isa pang pananaw na ang Senado ay maaari at dapat na magsagawa kaagad ng Paglilitis kahit pa na walang sesyon ang Kongreso. Ang Article XI, Section 3(4) ng Konstitusyon—na siyang paraan na ginamit ng House of Representatives upang i-impeach si Bise-Presidente Duterte—ay nag-aatas na “isunod agad ang paglilitis ng Senado” (“trial by the Senate shall proceed *forthwith*”). Ang salitang “*forthwith*” ay ginagamit ng Konstitusyon sa iba pang bahagi nito upang ipabatid ang walang pag-aantala. Ang mga sesyon din sa ilalim ng Konstitusyon ay akma lamang sa mga lehislatibong gawain, at ang mga trabahong hindi pambabatas (*non-legislative*) o paghahanda lamang (*preparatory work*) ay nagpapatuloy kahit pa na naka-suspinde ang Kongreso. Sa huli, ang impeachment ay hindi isang gawaing lehislatibo at ang Paglilitis ng impeachment ay dapat magpapatuloy kahit pa suspendido ang sesyon.

Sa puntong ito, mapapansin din na ang kasalukuyang recess ng 3rd Session ng 19th Congress ay mas mahaba kaysa sa 3rd Session ng 17th at 18th Congress.

**Mga Sangguning Akademiko at Praktikal**

CARMELO V. SISON & FLORIN T. HILBAY, *IMPEACHMENT Q&A* (2012 rev. ed.) (University of the Philippines Law Center).

DANTE B. GATMAYTAN, *MORE EQUAL THAN OTHERS: CONSTITUTIONAL LAW AND POLITICS* (2017) (University of the Philippines Law Center).

**Key Contacts**

University of the Philippines College of Law  
Malcolm Hall, Osmeña Avenue  
Diliman, Quezon City 1101 PH

Paolo S. Tamase  
Assistant Professor (Constitutional Law, Public Officers, Administrative Law, Legal History)  
[pstamase@up.edu.ph](mailto:pstamase@up.edu.ph)



Gwen G. De Vera  
Associate Professor (Constitutional Law, Legal History)  
[ggdevera@up.edu.ph](mailto:ggdevera@up.edu.ph)

Dante B. Gatmaytan  
Professor (Constitutional Law, Legal History)  
[dbgatmaytan@up.edu.ph](mailto:dbgatmaytan@up.edu.ph)

Michael T. Tiu, Jr.  
Assistant Professor (Constitutional Law, Administrative Law)  
[mttiu@up.edu.ph](mailto:mttiu@up.edu.ph)